Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon

**PAMBANSANG PUNONG REHIYON**

# 3 ARALING PANLIPUNAN

## Pansariling Pampagkatutong Modyul

### Ikatlong Kuwarter




PAGMAMAY-ARI NG PAMAHALAAN

HINDI PINAGBIBILI

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulangbayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Ang modyul na ito ay masusing sinuri at nirebisa ayon sa pamantayan ng DepEd NCR Regional Office at ng CLMD. Ang bawat bahagi ay tiniyak na walang nilabag sa mga panuntunan na sinasaad ng IPR para sa karapatang pagkatuto.

Mga Tagasuri

# Araling Panlipunan
# Ikatlong Baitang


**Regional Office Development Team:**

Andrew E. Tan, Dennis M. Mendoza, Michael M. Mercado, Aaron S. Enano, Mariel Eugene L. Luna, Ferdinand Paggao, Paul Nylden A. Carable, Marie Grace A. Cobico, Dennis N. Nacion, Nezel P. Catalan, Patricia Ulynne F. Garvida, Christian T. Salvador, Marlou M. Inocalla, Mary Grace C. Pagatpat, Fevy B. Paraiso, Menere R. Nasiad, Sheila Mae Malesido, Angelo Gamusa, Lilibeth C. Fernecita, Ma. Lourdes Apostol, Janette O. Diego, Carol C. Jinahon, Mary Grace B. Lina, Sheila Z. Mallari, Jester Jude F. Mendez

**Schools Division Development Team:**

Michael M. Mercado, Aaron S. Enano, Mariel Eugene L. Luna, Ferdinand Paggao, Paul Nylden A. Carable, Marie Grace A. Cobico, Dennis N. Nacion, Nezel P. Catalan, Patricia Ulynne F. Garvida, Christian T. Salvador, Marlou M. Inocalla, Mary Grace C. Pagatpat, Fevy B. Paraiso, Menere R. Nasiad, Sheila Mae Malesido, Angelo Gamusa, Lilibeth C. Fernecita, Ma. Lourdes Apostol, Janette O. Diego, Carol C. Jinahon, Mary Grace B. Lina, Sheila Z. Mallari, Jester Jude F. Mendez



**SLeM - Learner's Material**
**Katlong Markahan**
**Ikalawang Edisyon, 2022**

Inilathala ng: Kagawaran ng Edukasyon NCR
Patnugot: Wilfredo E. Cabral
Ikalawang Patnugot: Arnulfo M. Balane

# Gabay sa Paggamit ng PIVOT Learner's Material

**Para sa Tagapagpadaloy**

Ang Modyul na ito ay inihanda upang makatulong sa ating mga mag-aaral na madaling matutuhan ang mga aralin sa asignaturang Araling Panlipunan. Ang mga bahaging nakapaloob dito ay sinigurong naayon sa mga ibinigay na layunin.

Hinihiling ang iyong paggabay sa ating mga mag-aaral para sa paggamit nito. Malaki ang iyong maitutulong sa pag-unlad nila sa pagpapakita ng kakayahang may tiwala sa sarili na kanilang magiging gabay sa mga sumusunod na aralin.

Salamat sa iyo!

**Para sa Mag-aaral**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
3. Maging tapat at may integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mgakasagutan.
4. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
5. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagpadaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagpadaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi sa MELC. Kaya mo ito!

# Mga Bahagi ng PIVOT Modyul

| | Bahagi ng LM | Nilalaman |
|---|---|---|
| Panimula | Alamin<br>Suriin | Ang bahaging ito ay naglalahad ng MELCs at ninanais na outcome ng pagkatuto para sa araw o linggo, layunin ng aralin, pangunahing nilalaman at mga kaugnay na halimbawa para makita ng mag-aaral ang sariling kaalaman tungkol sa nilalaman at kasanayangkailangan |
| Pagpapaunlad | Subukin<br>Tuklasin<br>Pagyamanin | Ang bahaging ito ay naglalahad ng mga aktibidad, gawain, nilalaman na mahalaga at kawili-wili sa mag-aaral, karamihan sa mga gawain ay umiinog lamang sa mga konseptong magpapaunlad at magpapahusay ng mga kasanayan sa MELC lalo na ang bahaging ito ay nagbibigay ng oras para makita ng mag-aaral ang alam niya, hindi pa niya alam at ano pa ang gusto niyang malaman at matutuhan. |
| Pakikipagpalihan | Isagawa<br>Linangin<br>Iangkop | Ang bahaging ito ay may iba't ibang gawain at oportunidad sa pagbuo ng kailangang Knowledge Skills and Attitude(KSA).Pinahihintulutan ngguroangmga mag-aaral na makisali sa iba't ibang gawain at oportunidad sa pagbuo ng kanilang mga KSA upang makahulugang mapag-ugnay-ugnay ang kanilang mga natutuhan pagkatapos ng mga gawain sa D. Inilalantad ng bahaging ito sa mag-aaral ang totoong sitwasyon/ gawain ng buhay na magpapasidhi ng kaniyang interes upang matugunan ang inaasahan, gawing kasiya-siya ang kanilang pagganap o lumikha ng isang produkto o gawain upang ganap niyang maunawaan ang mga paksa. |
| Paglalapat | Isaisip<br>Tayahin | Ang bahaging ito ay nagtuturo sa mag-aaral ng proseso na maipakikita nila ang mga ideya, interpretasyon, pananaw, o pagpapahalaga at makalikha ng mga piraso ng impormasyon na magiging bahagi ng kanilang kaalaman sa pagbibigay ng repleksiyon, pag-uugnay o paggamit nang epektibong nito sa alinmang sitwasyon o konteksto. Hinihikayat ng bahaging ito ang mga mag-aaral na lumikha ng mga estrukturang konseptuwal na nagbibigay sa kanila ng pagkakataong pagsamahin ang kanilang mga natutuhan. |

WEEK 1

I

# Ang Kultura ng mga Lungsod at Bayan sa Pambansang Punong Rehiyon

## Aralin 1

Ang araling ito ay naglalayong mailarawan mo ang kultura ng lungsod at bayan ng rehiyong iyong kinabibilangan.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Basahin at unawain ang talata.









Pinagmulan: Image Bank, Department of Education

**Gabay na Tanong**:

1. Ano ang makikita sa mga larawan?

Ang gawaing ito ay bahagi ng pamumuhay ng mga Pilipino. Ipinakikita rito ang kanilang mga gawain, mga kagamitan, kaugalian at mga paniniwala. Ang mga nabanggit ay ilan sa bumubuo sa kultura.

**Ang KULTURA**

Ang kultura ay nakikita sa mga pinagsalin-salin na pamamaraan ng pamumuhay ng mga pangkat sa isang lugar. Kasama dito ang mga pagdiriwang, mga kaugalian, wika, sining, mga pagkain, at iba pa. Nagkakaiba-iba ang kultura ng mga pangkat ayon sa uri ng kanilang komunidad at pook na kinabibilangan.

**MGA ASPEKTO NG KULTURA**

May mga kaugnay na bahagi o aspekto ang kultura. Ang mga ito ay nagbibigay ng kahulugan at katangian sa ating kultura.

1. **Tradisyon** – ito ay mga gawain na may kaugnayan sa mga paniniwala ng pangkat ng mga tao, mga ritwal at pagdiriwang. Ilan sa mga halimbawa nito ang Wata-wata Festival sa Lungsod ng San Juan, Caracol Festival sa Lungsod ng Makati at ang Bamboo Organ Festival sa Lungsod ng Las Piñas.

2. **Kaugalian** – ito ay tumutukoy sa mga inaasahang pag-uugali ng mga pangkat ng mga tao. Ang mga ito ay inaasahang kilos at gawi na dapat sundin. Isang halimbawa ng kaugalian ang paggamit ng "po" at "opo". Ito ay nakasanayang gawin noon pa man.

3. **Paniniwala** – ito ay ang mga ideya, pananaw, at saloobin ng isang grupo ng tao tungkol sa lipunan. Ang mga ito ay makikita sa mga mensaheng nakapaloob sa mga pabula, salawikain, at alamat. Makikita rin ito sa mga tradisyon, pamahiin, edukasyon, relihiyon, at iba pang nakaiimpluwensya sa kanilang mga ideya, damdamin, at saloobin. Ang mga ito ay nakabatay sa karanasan ng kanilang pangkat o lipunan.

4. **Pagpapahalaga** - ito ay tumutukoy sa mga pamantayan ng lipunan tungkol sa tama o maling gawi. May kaugnayan din ito sa mga bagay o gawaing pinahahalagahan.

5. **Wika** – ito ay ang mga salitang ginagamit ng mga tao sa pakikipag-ugnayan o komunikasyon. May walong pangunahing wika sa bansa na kinabibilangan ng Tagalog, Cebuano, Ilokano, Hiligaynon, Waray-waray, Bicolano, Kapampangan at Pangasinense. Sa National Capital Region (NCR) kalimitang ginagamit ang wikang Filipino at Ingles bilang opisyal na wika lalo na sa larangan ng kalakalan at industriya. Bagamat marami na ring diyalekto/wikain sa iba't ibang rehiyon ang ginagamit sa NCR bunga ng migrasyon ng tao.

6. **Mga batas** – ito ay tumutukoy sa mga alituntunin, regulasyon, at patakaran na ipinatutupad sa ating lipunan. Ang hindi pagsunod sa mga batas tulad nang paglabag sa mga karapatang pantao, pananakit, pang-aabuso, pagnanakaw, at iba pa ay may kaukulang kaparusahan.

May iba pang aspekto ng kultura na naging bahagi ng ating buhay tulad ng sayaw ng pagbati sa Lungsod ng Parañaque at *La Jota Manileña* sa Lungsod ng Maynila. Bahagi rin ng kultura ang mga katutubong awit na kilala sa ating rehiyon tulad ng *Sitsiritsit*, *Bahay Kubo, Ang Pipit, Dalagang Pilipina, Leron Leron Sinta* at marami pang iba.

Ang bawat pangkat sa ating rehiyon ay may pagkakaiba-iba sa wikain, tradisyon, gawain, kaugalian at paniniwala. Ngunit sa kabila ng pagkakaiba, maaari pa ring mamuhay nang payapa at may pagkakaisa sa pamamagitan nang pagrespeto at pagtanggap sa bawat isa.

**Mga Uri ng Kultura**

May dalawang uri ng kultura. Ito ay ang kulturang materyal at di-materyal. Kaya mo bang tukuyin kung alin sa mga larawang nasa pahina 6 ang bahagi ng materyal at di-materyal na kultura? Upang matulungan ka sa pagtukoy nito, suriing mabuti ang sumusunod na paghahambing sa dalawa.

| Kulturang Materyal | Kulturang Di-Materyal |
|---|---|
| • Ito ay tumutukoy sa mga pisikal na bagay na ginagamit ng mga tao sa pamumuhay.<br><br>• Mga bagay na nakikita at nahahawakan. | • Ito ay tumutukoy sa mga ideya at gawa ng tao gaya ng paniniwala, panuntunan, kaugalian, wika, organisasyon, at mga institusyong minana pa sa ating mga ninuno at naisalin sa maraming henerasyon.<br><br>• Mga bagay na di-nahahawakan. |

# D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Isulat ang **M** kung materyal at **DM** kung di-materyal ang bawat kulturang nabanggit. Gawin ito sa sagutang papel.

____________ 1. katutubong awit

____________ 2. katutubong sayaw

____________ 3. kuwintas, hikaw at palamuti sa katawan

____________ 4. Prusisyon

____________ 5. awiting *Bahay Kubo*

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Hanapin at bilugan sa *puzzle* ang sumusunod na pangkat ng tao.

***Cebuano*** ***Ilonggo*** ***Ilokano*** ***Igorot*** ***Waray***

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| C | T | O | W | A | R | A | Y |
| E | A | T | I | A | P | P | I |
| B | Y | O | B | L | I | A | L |
| U | N | R | A | I | N | S | O |
| A | M | O | N | N | O | I | N |
| N | R | G | S | A | Y | G | G |
| O | T | I | A | M | O | A | G |
| I | L | O | K | A | N | O | O |

## A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Piliin ang angkop na salita sa kahon upang mabuo ang diwa ng talata.

| | |
|---|---|
| wikain | Filipino |
| respeto | pagtanggap |
| pangkat | awit |

Ang NCR ay isang rehiyon na binubuo ng iba't ibang (1.)____________ ng tao. Bawat pangkat ay may sariling (2.)____________ na ginagamit. Upang magkaroon nang maayos na komunikasyon, ginagamit natin ang wikang (3.)_____________. Ngunit sa kabila ng ating pagkakaiba, ang (4.)_____________ at (5.)_____________ ang dapat nating pairalin upang makapamuhay nang sama-sama at payapa.

WEEK 2

I

# Ang Heograpiya sa Aming Lungsod, Bayan at Rehiyon

## Aralin 2

Ang araling ito ay naglalayon na maipaliwanag ang kaugnayan ng heograpiya sa pagbuo at paghubog ng uri ng pamumuhay ng mga tao sa lungsod at bayan ng kinabibilangang rehiyon.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Basahin at unawain ang talata para sa karagdagang kaalaman.

### Ang Heograpiya at Uri ng Pamumuhay sa NCR




Pinagkunan: ncr.ntc.gov.ph

Mahalagang malaman ang lokasyon at klima ng rehiyon, lungsod at bayan kung saan ka nakatira. Sa araling ito, matututuhan mo ang epekto ng lokasyon at klima sa uri ng pamumuhay ng inyong rehiyon, lungsod at bayan. Ang lokasyon at klima ay malaki ang kinalaman sa pamumuhay ng mga tao. Ang mga ito ay may impluwensiya sa produktong nasa bawat lugar, uri ng pananim, at maging sa pagluluto ng pagkain, pananamit, uri ng bahay, at pagpili ng mga tao ng kanilang trabaho.

Makikita sa mapa ng Pambansang Punong Rehiyon na binubuo ito ng mga lungsod ng Caloocan, Las Piñas, Makati, Malabon, Mandaluyong, Maynila, Marikina, Muntinlupa, Navotas, Parañaque, Pasay, Pasig, Quezon, San Juan, Taguig, at Valenzuela. Ang munisipalidad ng Pateros ang tanging bayan sa rehiyon.

Ang rehiyon ay may dalawang tiyak na panahon: tag-init at tag-ulan. Inaasahang mainit ang nararamdaman ng mga tao sa rehiyon tuwing tag-init. Karaniwang damit ang isinusuot tuwing tag-init ay maninipis na damit gaya ng sando at shorts. Kapag tag-ulan naman, madalas na isuot ang jacket, kapote, at bota.

Ang pisikal na kapaligiran ng lugar ay may kaugnayan sa pamumuhay ng mga tao. Kapatagan ang kalupaan sa NCR, kung kaya't kalimitang kabahayan at mga gusali ang makikita dito. Sentro rin ng kalakalan at komersiyo ang rehiyon kaya't maraming mamamayan ang naghahanapbuhay bilang mga empleyado sa opisina, pabrika, at tanggapan. Ilan sa halimbawa ay makikita sa Ayala sa Lungsod ng Makati at Ortigas, sa Lungsod ng Pasig ang mga malalaking impraestruktura tulad ng tulay, bangko, hotel, at *shopping malls*.

Karaniwan, ang mga tirahan sa rehiyon ay yari sa bato at kahoy. Marami ring uri ng tirahan na makikita dito tulad ng subdivision, condominium at townhouse.

Ang Pambansang Punong Rehiyon ay may malawak na kapatagan. Mainam ang uri ng lupaing ito sa pagtatayo ng mga gusali at pabrika. Dahil dito, maraming negosyo at mga gawaing pangkabuhayan ang lumago sa rehiyon. Ito ang pangunahing dahilan kung bakit ang karaniwang hanapbuhay sa rehiyon ay pamamasukan sa mga opisina at tanggapang pagmamanupaktura.

## D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Iguhit ang △ sa patlang kung ang pahayag ay tama at ○ naman kung ito ay mali.

______ 1. Ang lokasyon at klima ng isang lugar ay may malaking kinalaman sa pamumuhay ng mga tao.
______ 2. Ang Lungsod ng Makati ang nangunguna sa produksiyon ng isda.
______ 3. Ang kapaligiran ay nakaaapekto sa uri ng hanapbuhay sa isang lugar.
______ 4. Ang taglamig ay panahon ng pagsusuot ng makakapal na damit upang hindi sila ginawin.
______ 5. Ang Pambansang Punong Rehiyon ay binubuo ng labingpitong lungsod at isang bayan.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Pilin sa mga larawan sa Hanay B ang kaugnay na kaisipan ng mga pahayag sa Hanay A. Isulat ang sagot sa patlang.

**Hanay A**

_______1. Uri ng istruktura sa NCR

_______2. Kasuotan tuwing taglamig


_______3. Kasuotan kung mainit ang panahon


_______4. Pangunahing produkto sa Navotas


_______5. Uri ng hanapbuhay sa NCR

**Hanay B**

A.


B.


C.


D.


E.



# E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4**: Ilarawan ang uri ng pamumuhay sa sariling komunidad. Isulat ang sagot sa patlang.

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

__________________________________________________________

**Rubrik sa Pagmamarka**

| | |
|---|---|
| 5 puntos | Maayos ang paglalarawan sa uri ng pamumuhay sa sariling komunidad. |
| 4 puntos | Maayos ang paglalarawan ngunit may 1 aspekto na hindi akma sa uri ng pamumuhay sa sariling komunidad. |
| 3 puntos | Maayos ang paglalarawan ngunit may 2 aspekto na hindi akma sa uri ng pamumuhay sa sariling komunidad. |
| 2 puntos | Maayos ang paglalarawan ngunit may 3 aspekto na hindi akma sa uri ng pamumuhay sa sariling komunidad. |
| 1 puntos | Maayos ang paglalarawan ngunit may 4 at higit pang aspekto na hindi akma sa uri ng pamumuhay sa sariling komunidad. |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Sagutin ang mga tanong ayon sa sitwasyon.

1. Kung malamig ang panahon sa inyong lugar, anong uri ng kasuotan ang dapat mong gamitin? Bakit?

2. Sa NCR na maraming mga opisina, pabrika at iba't ibang tanggapan, anong karaniwang hanapbuhay mayroon ang mga tao dito? Bakit?

## A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6:** Lagyan ng tamang sagot mula sa kahon ang mga patlang upang mabuo ang pangungusap.

| | | |
|---|---|---|
| kaugalian | kapaligiran | pamumuhay |
| lokasyon | klima | kultura |

Ang (1.) __________ at (2.) ___________ ng bawat lugar ay nakakaimpluwensiya hindi lamang sa kanilang pamumuhay kundi pati na rin sa kanilang (3.) ____________. Mahalagang suriin ang iyong (4.) _____________ upang maiangkop dito ang uri ng (5.) _______________.

WEEK 3

I

# Pagkakakilanlang Kultural ng Kinabibilangang Rehiyon

Aralin 3

Ang araling ito ay naglalayon na mailalarawan ang pagkakakilanlang kultural ng kinabibilangang rehiyon.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Basahin at unawain ang talata.

Ang kultura ay tumutukoy sa kabuoang paraan ng pamumuhay ng mga tao bilang kasapi ng komunidad o lipunan. Ito ay maaaring makita sa kanilang wika, panitikan, paniniwala, relihiyon, kaugalian, tradisyon, pagkain, kagamitan, at sining tulad ng musika at sayaw. Maaari din itong makita sa kanilang batas, kaalaman, at moralidad.

Ang tradisyon, kaugalian, paniniwala, pagpapahalaga, wika at mga batas ay ang mga aspektong kaugnay ng kultura. Ang bawat lalawigan o rehiyon ay may kanya kanyang kultura at ang kanilang kultura ang nagsisilbing pagkakakilanlan ng kanilang pangkat.

Ang NCR ay binubuo ng labing-anim na lungsod at isang bayan na mayaman sa kultura dahil na rin sa mga taong naninirahan dito. Sa NCR matatagpuan ang mayamang kultura na dulot ng iba't ibang pangkat ng tao. Ngunit, sa kabila ng pagkakaiba, patuloy silang naninirahan nang sama-sama at nagkakaisa. May mga kultura na tanging sa mga lungsod at bayan lamang makikita at ito ay sumisimbolo sa kung anong mga kultura ang bumubuo dito. Narito ang ilan sa mga larawan at halimbawa:



Las Piñas Bamboo Organ
Pinagkunan: pna.gov.ph



Bambino Festival sa Pasig
Pinagkunan: pasigcity.gov.ph



Rizal Park sa Maynila
Pinagkunan: pna.gov.ph



Sapatos na gawa sa Marikina
Pinagkunan: pna.gov.ph



Pancit Malabon
Pinagkunan: malabon.gov.ph




Cultural Center of the Philippines
Pinagkunan: culuralcenter.gov.ph

# D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Isulat sa patlang ang **Tama** kung wasto ang isinasaad ng pangungusap at **Mali** naman kung hindi wasto.

________ 1. Ang NCR ay mayaman sa kultura.
________ 2. Ang balut ang pinakatanyag na produkto ng Pasay.
________ 3. Ang Caracol Festival ay isang kultura sa Lungsod ng Makati.
________ 4. Ang kultura ng bawat isa ay hindi kailangang bigyan ng pagpapahalaga
________ 5. Ang kultura ang nagsisilbing pagkakakilanlan ng isang pangkat.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Isaayos ang mga letra upang mabuo ang mga salitang tumutukoy sa iba't ibang aspeto ng kultura.

1. uaglnkaia - ____________________
2. bsaat - ____________________
3. akiw - ____________________
4. ysratdion - ____________________
5. aliwpinana - ____________________

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Gumuhit o gumupit ng larawan na nagpapakita ng kultura ng sariling lungsod o bayan, matapos ay bigyang paliwanag o paglalarawan ito. (5 puntos)

**Rubrik sa Pagmamarka**

| | |
|---|---|
| 5 puntos | Maayos ang pagkakaguhit at akma sa kultura ng sariling lungsod o bayan. |
| 4 puntos | Maayos ang pagkakaguhit ngunit may 1 aspekto na hindi akma sa kultura ng sariling lungsod o bayan |
| 3 puntos | Maayos ang pagkakaguhit ngunit may 2 aspekto na hindi akma sa kultura ng sariling lungsod o bayan. |
| 2 puntos | Maayos ang pagkakaguhit ngunit may 3 aspekto na hindi akma sa kultura ng sariling lungsod o bayan |
| 1 punto | Maayos ang pagkakaguhit ngunit may 4 na aspekto na hindi akma sa kultura ng sariling lungsod o bayan. |

A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Bakit mahalaga ang kultura sa inyong lungsod o bayan? Ipaliwanag.

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

WEEK 4

# I

# Ang Kahalagahan ng mga Makasaysayang Lugar at ang mga Saksi nito sa Pagkakakilanlang Kultural ng Sariling Lugar at Rehiyon

Aralin 4

Ang araling ito ay naglalayon na maipaliwanag ang kahalagahan ng mga makaysasayang lugar at ang mga saksi nito sa pagkakakilanlang kultural ng sariling lugar at rehiyon.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang1: Basahin at unawain ang talata.**

Maraming lugar sa ating rehiyon ang kinikilalang makasaysayang lugar o pook. Maituturing ito na makasaysayang lugar o pook kung may mahalagang pangyayari ang naganap na humubog sa kasaysayan at pagkakakilanlang kultural ng mga taong naninirahan dito.

Nilalagyan ng mga pananda ang mga makasaysayang lugar o pook na ito upang patuloy na maalala ang mahalagang gampanin ng lugar sa buhay ng mga tao. Ang sumusunod ay ilan sa mga makasaysayang pook sa rehiyon:



**Rizal Park –** Isa sa pinakatanyag na makasaysayang pook sa rehiyon ang Rizal Park sa Maynila. Sa lugar na ito ipinakita ni Dr. Jose Rizal ang kaniyang pagmamahal para sa ating bansa. Dito matatagpuan ang kaniyang bantayog kung saan nakalagak ang kaniyang mga labi. Maraming turista ang namamasyal sa Rizal Park.

**EDSA Shrine** – Ito ang bantayog na makikita sa kahabaan ng EDSA at Ortigas Avenue, Quezon City. Tinatawag din itong "Shrine of Mary, Queen of Peace". Naging makasaysayan ang lugar dahil dito naganap ang EDSA People Power Revolution noong 1986.



EDSA Shrine
Pinagkunan: http://www.edsashrine.org/



*Asilo De Huerfanos*
Kuha ni: Clarissa DC. Catabay

**Asilo De Huerfanos** – Ito ay matatagpuan sa Lungsod ng Malabon na isang bahay ampunan ng mga batang lalaki at babae noon. Ang gusaling ito ay naglalaman ng imprenta ng mga pahayagan, tindahan, laboratoryo, patahian, at burdahan para sa mga babae at isang silid-aklatan. Ayon sa kasaysayan, dito unang inilimbag ang pahayagang La Independencia. Naging kanlungan din ang bahay na ito ng mga biktima sa malawakang sakit na kolera at beri-beri noong 1882.

**San Felipe Neri Parish** – Ito ang pinakamatandang simbahan sa Lungsod ng Mandaluyong. Dito itinatag ang balangay ng Katipunan ang Sangguniang Bayan ng Makabuhay sa pangunguna ni Laureano Gonzales. Tumulong ang Sanggunian sa pagtatatag ng labingwalo pang balangay ng Katipunan sa San Felipe Neri at karatig pook.



San Felipe Neri Parish
Pinagkunan:
https://www.rcam.org/our-parishes/vicariate-of-san-felipe-neri/



Bahay ni Kapitan Moy
Pinagkunan: https://marikina.gov.ph/webmarikina/Kapitan-Moy.html

**Bahay ni Kapitan Moy o Laureano Guevarra** – Ito ay matatagpuan sa Lungsod ng Marikina. Si Kapitan Moy o Laureano Guevarra ay isang negosyanteng Pilipino na nagtatag ng *shoe industry* o gawaan ng sapatos at nagpasikat ng sapatusan sa naturang lungsod. Kilala rin siya bilang ama ng industriya ng sapatos sa ating bansa.

**Fort Santiago -** ilang kilometro mula sa Rizal Park ay matatagpuan ang Fort Santiago. Ito ay ang dating naging kulungan ng pambansang bayani na si Dr. Jose P. Rizal.




Fort Santiago
Pinagkunan: Sagisag Kultura ng Filipinas NCCA Edisyon Agosto 2013

## D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2**: Iguhit ang kung ang pahayag ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa makasaysayang lugar at kung hindi.

1. Ipinagmamalaki ko ang mga makasaysayang lugar sa aming rehiyon.
2. Iniingatan ko ang mga bagay na makikita sa loob ng makaysasayang lugar na aking napupuntahan.
3. Lagi kong ikinukuwento sa aking mga kaibigan ang mga makasaysayang lugar na aking napasyalan.
4. Hindi ko pinapansin ang makaysaysayang lugar na malapit sa aming komunidad.
5. Kahit saan ako magpunta lagi kong ipinagmamalaki ang makasaysayang lugar sa aming rehiyon.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3**: Itala sa isang graphic organizer ang isang mahalagang makasaysayang pook sa NCR ang napuntahan mo na.




**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4** : Pagtapat-tapatin ang mga sumusunod na makasaysayang lugar sa NCR. Isulat ang titik ng tamang sagot sa isang malinis na papel.

| A | B |
|---|---|
| 1. Matatagpuan sa Lungsod ng Marikina. Kilala rin siya bilang ama ng industriyang sapatos sa ating bansa. | A. Asilo De Huerfanos |
| 2. Pook pasyalan ng pamilyang Pilipino at dito rin makikita ang bantayog ni Dr. Jose Rizal. | B. Bahay ni Kapitan Moy o Laureano Guevarra |
| 3. Pinakamatandang simbahan sa Lungsod ng Mandaluyong. Naging parte ng pagpapalaganap ng mga katipunero. | C. EDSA Shrine |
| 4. Ipinakikita ang kilos-protesta ng maraming Pilipino sa EDSA noong 1986 laban sa pamamahala ni Pangulong Marcos. | D. Rizal Park |
| 5. Isang bahay ampunan ng mga batang lalaki at babae noon sa Malabon. | E. San Felipe Neri Parish |

WEEK 5 & 6

# Pagkakatulad at Pagkakaiba ng mga Kaugalian, Paniniwala at Tradisyon ng Kinabibilangang Rehiyon sa Karatig Rehiyon

I

Aralin 5 at 6

Ang araling ito ay naglalayon na makapaghambing ng ilang aspeto ng kultura ng karatig rehiyon sa sariling kultura.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1**: Basahin at unawain ang talata.









Pinagmulan: Image Bank, Department of Education

Ang larawan sa itaas ay nagpapakita ng kulturang Pilipino. Ang kulturang Pilipino ay kalinangang binubuo ng paniniwala, tradisyon, kaugalian, at literatura ng sambayanang Pilipino. Maaaring ito ay may pagkakatulad at pagkakaiba.

Ang NCR ay binubuo ng labing-anim (16) na lungsod at isang (1) bayan samantalang ang Rehiyon IV-A na siyang karatig rehiyon nito ay binubuo ng limang lalawigan: Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, at Quezon. Pagdating sa kultura ang mga ito ay mayroong pagkakatulad at pagkakaiba. Nagkakatulad at nagkakaiba man ng kaugalian, paniniwala at tradisyon subalit nagkakaisa sa pagpapanatili nito.

**Wika**

Ang "Filipino" ang wikang Pambansa ng Pilipinas samantalang tinatawag namang diyalekto ang mga salitang binibigkas sa isang partikular na rehiyon o lalawigan. Halimbawa ng diyalekto ay Tagalog, Ilokano, Bikolano, Cebuano, at Chavacano. Sa NCR, ang karaniwang diyalekto ay Tagalog. Sa Rehiyon IV-A naman ay karaniwang Tagalog at Chavacano.

**Tradisyon**

Halos lahat ng lalawigan sa Pilipinas ay may mga pagdiriwang ng mga nakaugaliang tradisyon. Ilan sa mga ito ay ang Piyesta, Mahal na Araw/Senakulo, Simbang Gabi, Flores De Mayo, Ramadan, Santa Sena, at iba pa. Magkatulad ang pagdiriwang ng mga tradisyong nabanggit ng mga taga NCR at ng mga tao sa Rehiyon IV-A.

**Kaugalian**

Bagama't moderno na ang pamumuhay sa NCR at karatig- rehiyon nito, nanatili pa rin sa karamihan ang kaugaliang Pilipino ng mga taga-roon. Naipakikita pa rin ang pagmamano sa mga nakakatanda, paggamit ng "po at opo", at pakikipagkapwa-tao.

**Paniniwala**

Maging sa mga pamahiin at kasabihan ay may pagkakatulad ng pinaniniwalaan ang mg taga Rehiyon IV-A at NCR.

Narito ang ilan sa mga madalas na paniniwala:

- Bawal isukat ang damit pangkasal dahil maaaring hindi ito matuloy.
- Bawal kumanta habang nagluluto dahil hindi makakapag-asawa.
- Kapag may nahulog na kutsara o tinidor ay may darating na bisita.
- Hindi dapat makabasag ng pinggan sa araw ng okasyon dahil ito ay simbolo ng kamalasan.
- Kapag may nakasalubong na pusang itim ay may nakaambang panganib.

**Produkto**

Dahil sa pagkakaiba ng pisikal na kapaligiran ng Rehiyon IV-A at NCR magkaiba ito ng mga natatanging produkto. Ang pangunahing produkto sa NCR ay isda at bagoong sa Malabon at Navotas, balut at penoy sa Pateros, sapatos sa Marikina, tiles at mga ready to wear na damit sa Pasig samantalang sa Rehiyon IV-A ay palay, pinya, saging, mais, kape, mani at niyog.

Makikita natin na marami ang pagkakapareho ng kaugalian, tradisyon at mga pagdiriwang lalo na ng mga karatig na lalawigan at rehiyon. Marami din namang pagkakaiba ang pamumuhay sa ibang lalawigan at rehiyon. Pahalagahan at igalang ang pagkakaiba-iba ng kultura ng sariling rehiyon at ng ibang lalawigan.

## D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang *2***: Isulat sa patlang ang "**kapareho"** kung magkapareho ang kultura ng NCR at ng Rehiyon IV-A. Isulat naman ang "**kaiba**" kung hindi.


________ 1. Paggamit ng "po at opo"
________ 2. Wikang ginagamit
________ 3. Paggalang sa mga nakatatanda
________ 4. Pagdaraos ng *religious festival*
________ 5. Mga kilalang produkto

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3**: Isulat ang **TAMA** kung ang isinasaad ng pahayag ay wasto at **MALI** kung hindi.

__________ 1. Magkatulad ang wikang ginagamit sa NCR at karatig rehiyon nito.
__________ 2. Ang mga mga produkto sa ating rehiyon at karatig rehiyon ay magkaiba dahil sa pisikal na kapaligiran nito.
__________ 3. Magkaiba ang pagdiriwang ng Pasko sa NCR at Rehiyon IV-A.
__________ 4. Iisa ang paniniwala sa Diyos ng mga taga NCR at Rehiyon IV-A.
__________ 5. Ang pagmamano, paggamit ng "po at opo" at mabuting pagtanggap sa bisita ay ilan lamang sa mga kaugalian na namamasid sa NCR at maging sa Rehiyon IV-A.

E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4**: Isulat sa Venn Diagram ang pagkakapareho at pagkakaiba ng mga kaugalian, paniniwala at tradisyon ng NCR at Rehiyon IV-A.




A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Itala sa tsart ang pagkakatulad o pagkakaiba sa iba't ibang aspekto ng kultura.

| Kultura | Sariling Lungsod | Ibang Lungsod o Bayan |
|---|---|---|
| Wika at Diyalekto | | |
| Tradisyon at Pagdiriwang | | |
| Produkto | | |
| Kaugalian | | |

WEEK 7

I

# Mga Pangkat ng Tao sa Rehiyon, Igagalang Ko

Aralin 7

Ang araling ito ay naglalayon na matukoy ang mga pangkat ng tao sa NCR at mapahalagahan ang iba't ibang pangkat ng tao dito.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1**: Basahin at kilalanin ang mga pangkat ng tao sa NCR.

**Mga Pangkat Etniko**

Ang mga **Tagalog** ay isa sa mga pinakamalaking pangkat etniko sa Pilipinas. Nakatuon sa pagtataguyod ng paggalang at pakikitungo sa kapwa ang mga Tagalog.

Ang mga **Aeta, Ayta, Agta, o Ati** ay galing sa liblib na mga bahaging bulubundukin ng Luzon.

Ang mga **Ilokano** ay galing sa bandang hilaga ng ating bansa. Sila ay kilalang masipag, matiyaga at matipid.

Ang mga **Igorot** ay galing sa Cordillera. Kilala sa kanilang pagiging masipag, matatag, at tapat sa kanilang pinagmulan. Mayaman sila sa kultura at paniniwala na sa kasalukuyan ay isinasagawa pa rin.

Ang isa pang malaking pangkat ng NCR ay nagmula sa Visayas. Kabilang sa kanilang pangkat ay **Cebuano**, **Waray** ng Samar at Leyte at **Hilagaynon o Ilonggo**. Ang mga Cebuano at Ilonggo ay masayahin, mahinahon at malumanay sa pag-uugali. Malambing sa pananalita ang mga Ilonggo. Ang Waray naman ay masinop at may simpleng pamumuhay.


Ang karamihan sa mga **Bicolano**ng naninirahan sa NCR ay galing sa Camarines Norte, Camarines Sur, Albay, Sorsogon, at Masbate. Sila ay kilalang relihiyoso, matiisin at mahilig sa musika.

Karamihan sa mga **Kapampangan** na naninirahan sa NCR ay galing sa Pampanga at ilang bahagi ng Tarlac at Nueva Ecija. Kilala silang mahiling magluto ng masasarap na pagkain.

May mga **Badjao** din sa NCR. Sila ay tinatawag na "*Sea Gypsies*". Karamihan sa kanila ay nagmula sa Zamboanga at Sulu.

## D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Kompletuhin ang diyagram ng mga pangkat ng tao sa NCR.




**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3**: Iguhit ang masayang mukha ☺ kung ang mga gawi ay nagsasaad ng paggalang sa mga taong ating nakasasalamuha at malungkot ☹ kung hindi.

1. Nakikipagkaibigan sa lahat ng mga kaklase.
2. Itinataboy ang dayuhang nag-aalok ng kaniyang paninda.
3. Iginagalang ang kamag-aral na iba ang pamamaraan ng pagsamba sa Diyos.
4. Tinatangkilik ang mga produktong gawa ng mga katutubong pangkat.
5. Hindi pinapansin ang kaklase na mula sa mga probinsiya.

**E**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4.**

Basahin at unawain ang mga pangungusap.Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Sila ang mga pangkat na nagmula sa bandang hilaga ng ating bansa at kilalang masipag, matiyaga at matipid.
   A. Ilocano  B. Cebuano  C. Ita  D. Bicolano

2. Ang pangkat etnikong kilala sa pagiging masinop at may simpleng pamumuhay.
   A. Badjao  B. Igorot  C. Waray  D. Ilonggo

3. Ang pangkat etnikong malalambing magsalita.
   A. Ilonggo  B. Kapampangan  C. Ilokano  D. Ita

4. Ito ang pangkat-etniko na nagmula sa mga bulubundukin ng Cordillera.
   A. Badjao  B. Igorot  C. Ilokano  D. Waray

5. Isa sa iyong kamag-aral ay may ibang paniniwala kung kaya't tuwing flag ceremony ay nakatayo lamang siya at tahimik. Anong kaugalian ang kaniyang ipinamalas?
   A. Paggalang sa sa guro
   B. Iginagalang ang paniniwala ng iba
   C. Paggalang sa kanilang samahan.
   D. Pagpapatawad sa kaniyang kapuwa.

**A**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5**: Basahin at unawain ang sitwasyon sa bawat bilang. Isulat sa patlang ang tama kung ito ay nagpapakita ng mabuting gawin. Mali naman kung hindi.

_________ 1. Pinagtatawanan ng iyong kamag-aral ang isang bata na may ibang tono ng pagsasalita.

_________ 2. Kinukutya ng bata ang isang katutubong Ita.

_________ 3. Tahimik na dumaan ang iyong kaibigan habang nananalangin ang isang grupo ng tao.

_________ 4. Naging palakaibigan ang iyong kapatid sa mga bagong kapitbahay mula sa ibang rehiyon.

_________ 5. Namigay ng lutong ulam ang iyong nanay sa kaniyang bagong kakilala.

WEEK 8

# Kultura at Sining sa Rehiyon, Pahalagahan Mo!

I

Aralin 8

Ang araling ito ay naglalayon na maipamalas ang pagpapahalaga sa pagkakatulad at pagkakaiba-iba ng mga kultura gamit ang sining na nagpapakilala sa rehiyon. Halimbawa ay tula, awit, sayaw, pinta, atbp.)

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Basahin at unawain ang talata.

Ang bawat lungsod at bayan sa rehiyon ay may kani-kaniyang kultura at sining na pagkakakilanlan. Ang salitang "sining" ay ginagamit upang ilarawan ang nilikha o ginawa ng isang tao. Ito rin ay tumutukoy sa iba't ibang uri ng paglikha ng tunog o biswal. Maaari rin itong isang pagtatanghal na ipinakikita ang husay ng isang manlilikha sa kaniyang malikhaing pag-iisip. Ang mga sining na ito ay maaaring tula, awit, sayaw, pinta, iskultura at iba pa.

**Mga Sayaw sa Ilang Lungsod sa NCR**

**Valse de Muntinlupa (Muntinlupa)**

Isang tradisyonal na sayaw na sumasalamin sa pang- araw-araw na pamumuhay ng mga katutubong taga-Muntinlupa. Ipinakikita sa sayaw na ito pagsasaka at pangingisda hanggang sa ito ay isa nang maunlad na lungsod.

**Lerion (Marikina)**

Ang makalumang sayaw na ito ay pinaniniwalaang nanggaling sa Barangay Parang, Marikina. Ang sayaw na Lerion ay nagmula sa kantang Leron Leron Sinta.

**Sayaw-Pasasalamat alay kay San Roque (Valenzuela)**

Ang pagsakop ng mga Ingles sa Maynila noong 1962-1974 ay bahagi ng kasaysayan ng Pilipinas at ng Lungsod ng Valenzuela. Ginawang himpilan ng mga Ingles ang Kapilya ng San Roque sa Mabolo, bayan ng Polo. Nang nilisan ng mga Ingles ang kapilya ay agad na nagtungo ang mga tao rito upang iprusisyon ang imahe ni San Roque. Mula noon, tuwing sasapit ang ika-12 ng Mayo ay nakaugalian na ng mga tao na dayuhin ang Kapilya ng San Roque upang makisayaw sa prusisyon.

**Awit o Musika**

Iba't iba ang uri ng awitin ng ating mga ninuno. Maaari itong panghele, kundiman o balitaw. Ang **hele** ay awit sa pagpapatulog sa sanggol. Ang **Kundiman** ay isang awit pag- ibig. Ang **Balitaw** naman ay isang debate sa pamamagitan ng awit sa pagitan ng babae at lalaki na ang paksa ay tungkol sa pag- ibig, pag-aasawa o pagtatrabaho. Ang **Kumintang** ay isang awit na Pandigma. May mga kilala ding awiting bayan tulad ng **Sitsiritsit**, **Paru-parung bukid** at **Bahay Kubo**.

May mga kani-kaniyang awit din ang mga Lungsod sa NCR. Halimbawa nito ay **Himno ng Lungsod Quezon**, **Himig Valenzuela, Makati March** at **Muntinlupa March**.

**Tula**

**Mga Kilalang Tula:**

Pag- ibig sa Tinubuang Lupa ni Andres Bonifacio
Isang Dipang Langit ni Amado V. Hernandez
Sa Anak ng Bayan ni Emilio Jacinto

**Pagpinta**

Mga kilalang tao sa larangan ng pagpinta:

**1. Fernando C. Amorsolo**

Tanyag na pintor sa ating bansa. Dahil sa kaniyang malikhaing kamay, tinagurian bilang *Unang Pambansang Alagad ng Sining ng Pilipinas.*

**2. Cesar Legaspi**

Dahil sa kaniyang natatanging estilo sa pagpipinta, pinarangalan din siya bilang *Pambansang Alagad ng Sining sa Pintura.*

**3. Felix Resurreccion Hidalgo**

Nanalo ng pilak na medalya sa pagtatanghal ng mga Pinong Sining sa Madrid noong 1884.

**Paglililok o Eskultura**

**1. Guillermo Tolentino**

Isang batikang guro at iskultor sa Pilipinas. Nakilala dahil sa kaniyang mga gawa tulad ng *Monumento ni Bonifacio*, *Oblasyon ng Unibersidad ng Pilipinas*, bantayog ni Pangulong Ramon Magsaysay sa bulwagang pasukan ng GSIS at ang Luwalhati ng Pamantasan ng Silangan.

**2. Napoleon Abueva**

Kilala bilang Nap Abueva. Itinuring na *Ama ng Makabagong Iskultura ng Pilipinas.* Siya ang kauna-unahan at natatanging Boholano na nabigyan ng parangal bilang Pambansang Alagad ng Sining sa larangan ng Sining Biswal. Kabilang sa kaniyang gawa ang *Transfiguration sa Eternal Gardens sa Lungsod Quezon.*

**3. Virginia Ty- Navarro**

Isang Pilipinong Iskultor na tanyag o nakilala dahil sa kaniyang nililok na bantayog na *Our Lady of Peace ng Edsa Shrine.*

Ang mga likhang sining ay mapahahalagahan sa pamamagitan ng mga sumusunod:

1. **Pagmamalaki-** ipagmalaki sa buong mundo ang mga likhang sining ng mga Pilipino. Iba- iba man ang gumawa ng mga ito ay dapat na ipagmalaki. Nagpapakita ito ng paggalang sa gawa o likha ng mga Pilipino.

2. **Pagbibigay Suporta**- maaari itong magawa sa pamamagitan ng panonood sa kanilang gawa, pagbili o pakikinig sa kanila.

3. **Paggalang-** pagpapahalaga at pagbibigay respeto sa kanilang mga likhang sining na nagpapakita ng ating pagkamalikhain, kahusayan sa iba't ibang larangan at pagkakakilanlan.

# D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Kilalanin ang tinutukoy sa bawat bilang at piliin ang letra ng tamang sagot sa loob ng kahon.

| | |
|---|---|
| **A. Napoleon Abueva** | **D. Virginia Ty- Navarro** |
| **B. Guillermo Tolentino** | **E. Felix Resurrecion Hidalgo** |
| **C. Fernando Amorsolo** | **F. Cesar Legaspi** |

_________1. Kauna- unahan at natatanging Boholano na naparangalan bilang Pambansang Alagad ng Sining sa larangan ng Sining Biswal.

_________2. Tinagurian bilang Unang Pambansang Alagad ng Sining ng Pilipinas.

_________3. Kilalang guro at iskultor sa Pilipinas. Likha niya ang Oblasyon sa Unibersidad ng Pilipinas at Monumento ni Andres Bonifacio.

_________4. Nililok niya ang bantayog ng *Our Lady of Peace ng EDSA Shrine.*

_________5. Nanalo ng pilak na medalya sa pagtatanghal ng sining sa Madrid noong 1884.

# E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3**: Pag- aralan ang *puzzle* sa ibaba. Hanapin at bilugan ang mga uri ng sayaw at awit na makikita dito.

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | A | R | U | P | A | R | U | N | G | B | U | K | I | D |
| A | D | G | U | Y | T | R | Y | F | A | A | K | K | L | P |
| D | W | S | C | K | L | T | A | E | D | L | L | E | M | O |
| L | E | R | I | O | N | S | Y | F | F | I | E | F | K | Y |
| U | Y | T | G | H | F | R | I | F | R | T | W | D | L | T |
| G | H | E | E | R | T | Y | F | W | R | A | D | S | T | R |
| H | H | D | E | S | S | B | R | C | R | W | S | A | F | E |
| K | U | M | I | N | T | A | N | G | G | O | D | A | G | S |

A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Piliin ang dapat gawin na nagpapakita ng pagpapahalaga sa mga sining ng rehiyon. Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Namasyal ang pamilya ni Kirsten at napadaan sa Monumento ni Bonifacio. Alin ang **hindi** niya dapat sabihin?
   A. "Hindi kaakit-akit ang monumento ni Andres Bonifacio."
   B. "Bahagi ng ating kasaysayan ang Monumento ni Andres Bonifacio."
   C. "Maganda at makasaysayan ang Monumento ni Andres Bonifacio."
   D. "Mahusay at magaling ang lumikha ng Monumento ni Andres Bonifacio."

2. Pinag-aaralan nina Bernard ang mga iskultor ng Pilipinas sa kanilang asignatura sa Araling Panlipunan. Alin sa sumusunod ang **hindi** niya dapat sabihin sa kaniyang kapatid?
   A. "Magaganda ang gawa ng mga Pilipinong Iskultor."
   B. "Mahuhusay at magagaling ang likha ng mga Pilipinong iskultor.
   C. "Mas magaganda ang gawa ng ibang bansa kaysa sa gawa ng Pilipinas."
   D. "Dapat ipagmalaki ang gawa ng mga iskultor na Pilipino."

3. Si Roy ay nakatira sa Lungsod ng Quezon. Ang kaniyang pinsan na si Pau ay nakatira naman sa Muntinlupa. Inimbitahan siya nitong manood ng Valse De Muntinlupa sa kanilang lungsod. Paano ipakikita ni Roy ang paggalang sa Valse de Muntinlupa ng mga taga- Muntinlupa?
   A. Magkukunwari siyang may sakit.
   B. Pagtatawanan ang Valse de Muntinlupa.
   C. Manonood siya dahil siya ay inimbitahan.
   D. Hindi siya pupunta dahil ayaw niya ang sayaw ng mga ito.

4. Si Denise ay nakatira sa Lungsod ng Marikina. Napili siyang magtanghal ng isang sayaw at awit sa kanilang paaralan. Alin sa sumusunod ang dapat niyang sayawin at awitin upang maipakita ang pagpapahalaga sa mga ito?
   A. rap
   B. lerion
   C. makabagong awit
   D. makabagong sayaw

5. Napadaan ang Pamilya San Jose sa isang bilihan ng mga likhang sining. Alin sa sumusunod ang dapat nilang bilhin?
    A. Gawang sining ng mga Pilipino
    B. Gawaing sining ng mga dayuhan
    C. Gawang sining ng ibang bansa
    D. Gawang sining ng mga mayayaman

# Susi sa Pagwawasto

## Week 1

**Gawain sa Pagkatuto Blg. 2**
1. DM
2. DM
3. M
4. DM
5. M

**Gawain sa Pagkatuto Blg. 3**



**Gawain sa Pagkatuto Blg. 4**
1. pangkat
2. wika
3. Filipino

4-5. pagtanggap, respeto

## Week 2

**Gawain sa Pagkatuto Blg. 2**
1. △
2. ○
3. △
4. △
5. ○

**Gawain sa Pagkatuto Blg. 3**
1. B
2. D
3. A
4. C
5. E

**Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 at 5**
Sariling sagot ng mag- aaral

**Gawain sa Pagkatuto Blg. 6**

1- 2. Lokasyon, klima

3. kaugalian
4. kapaligiran
5. pamumuhay

## Week 3

**Gawain sa Pagkatuto Blg. 2**
1. Tama
2. Mali
3. Tama
4. Mali
5. Tama

**Gawain sa Pagkatuto Blg. 3**
1. Kaugalian
2. Batas
3. Wika
4. Tradisyon
5. Paniniwala

**Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 at 5**
Sariling sagot ng mag- aaral

## Week 4

**Gawain sa Pagkatuto Blg. 2**
1. ✹
2. ✹
3. ✹
4. ☾
5. ✹

**Gawain sa Pagkatuto Blg. 3**

Iba-iba ang sagot ng mga bata. Guro ang magwawasto

Gawain sa Pagkatuto Blg. 4
1. B
2. D
3. E
4. C
5. A

## Week 5&6


**Gawain sa Pagkatuto Blg. 2**
1. kapareho
2. kapareho
3. kapareho
4. kapareho
5. kaiba

**Gawain sa Pagkatuto Blg. 3**
1. TAMA
2. TAMA
3. MALI
4. TAMA
5. TAMA

**Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 at 5**
Sariling sagot ng mag- aaral

## Week 7

**Gawain sa Pagkatuto Blg. 2**



**Gawain sa Pagkatuto Blg. 3**
1. ☺
2. ☹
3. ☺
4. ☺
5. ☹


**Gawain sa Pagkatuto Blg. 4**
1. A
2. C
3. A
4. B
5. B

**Gawain sa Pagkatuto Blg. 5**
1. Mali
2. Mali
3. Tama
4. Tama
5. Tama

## Week 8

**Gawain sa Pagkatuto** Blg. 2
1. A
2. C
3. B
4. D
5. E

**Gawain sa Pagkatuto Blg. 3**



**Gawain sa Pagkatuto Blg. 4**
1. A
2. C
3. B
4. B
5. A

# Sanggunian


Eleonor D. Antonio, Emilia L. Banlaygas, Jocelyn L. Lagarto.RBS Serye sa Araling Panlipunan Kayamanan 3 (National Capital Region) Binagong Edisyon 2017, Ikatlong Yunit Aralin 11

Mary Ann DG. Goyal, Emilyn F. Gerilla, Cristina DC. Cruz, Paul Nylden A. Carable, Eric John D. Lao, Janice N. gagante, Lenie A. Tiamzon, Annie D. Pesito, Clarissa DC. Catabay, Alona B. Miano, Daisy M. Gonatise, Rosemarie S. Sto.Domingo, Jenalyn I. Datuin, Analine R. De Guzman, Margie P. Cas, Ever Bryan A. De Asis. Araling Panlipunan – Ikatlong Baitang, Kagamitan ng Mag-aaral – National Capital Region, Unang Edisyon 2019. Bonifacio Bldg., DepEd Complex, Meralco Avenue Pasig City, Studio Graphics Corp.

Thea Joy G. Manalo, Charity A. Kapunitan, Walter F. Galarosa, at Rodel C. Sampang. Araling Panlipunan 3, Kagamitan ng Mag-aaral sa Tagalog. Unang Edisyon 2015,5th Floor, Mabini Bldg.,DepEd Complex,Meralco Avenue Pasig City, Book Media Press, Inc.

Filipinas Institute of Translation, Inc. and NCCA (Agosto 2013). Sagisag Kultura ng Filipinas, phina, 1046, 1459, 1599

Philnews (2021). Paano Pahalagahan ang Sining?
https://philnews.ph/2021/05/29/paano-pahalagahan-ang- sining-halimbawa-at-iba-pa/

Museo Valenzuela (2012). Sayaw Pasasalamat Alay kay San Roque.
http://museovalenzuela.blogspot.com/2012/05/sayaw- pasasalamat-alay-kay-san-roque.html

(2017). Sagisag Kultura. https://philippineculturaleducation.com.ph/legaspi-cesar-t/

Wikipedia.org (November 2020). Felix Resurreccion Hidalgo.
https://tl.wikipedia.org/wiki/Felix_Resurreccion_Hidalgo

Wikipedia.org (August 2020). Guillermo Tolentino.
https://tl.wikipedia.org/wiki/Guillermo_Tolentino

Marikina.gov.ph (2021). Bahay ni Kapitan Moy.
https://marikina.gov.ph/webmarikina/Kapitan-Moy.html

edsashrine.org (2021). Edsa Shrine.
http://www.edsashrine.org/2016/08/the-story-of-edsa-shrine.html

rcam.org (2021). San Felipe Neri Parish.
https://www.rcam.org/our-parishes/vicariate-of-san-felipe-neri/

SULONG EduKALIDAD

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education NCR Regional Office

Office Address: Misamis Road, Bago-Bantay, Quezon City

Landline:

Email Address:

DEPARTMENT OF EDUCATION